PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

BIGWAS

KANLURAN GITNANG LUZON

BAGONG HUKBONG BAYAN

Espesyal na Isyu

31 Enero 2021

# Ang kababaihan sa loob ng Bagong Hukbong Bayan:

# KOMUNISTA, MANDIRIGMA, HUKBO NG MASA!



**S**inadya ng inyong ka-Bigwas mula sa Kanluran Gitnang Luzon ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Caraballo para hingiin ang kanilang panig kaugnay sa mabibigat na akusasyon ni **Lady Desiree Miranda** (LDM) aka "ka Mira", dating NPA na ngayon ay nagagamit sa operasyong saywar ng AFP.

Namamayagpag sa sosyal midya sa kasalukuyan ang testimonya ni LDM sa Senado na nagbubunyag diumano sa karahasang sinapit niya sa loob ng BHB-Caraballo.

Sa oblagan na natatanaw pa ang kahabaan ng Cagayan Valley Road (Maharlika Highway), isa-isang nilinaw ni kasamang Leyan ang mga saligang patakaran ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng BHB sa kababaihan. Si ka Leyan ay babae, Komunista, Pulang Kumander at Pampulitikang Instruktor ng BHB.

**1.) BIGWAS-KGL: May nangyayari bang pagsasamantala sa kababaihan sa loob ng BHB, gaya ng alegasyon ni LDM noong siya ay kasapi pa ng BHB-Caraballo? Paano ito hinaharap ng CPP-NPA?**

Ang NPA o BHB ay isang armadong organisasyong masa na may kasapian na nanggaling sa iba't ibang uri at sektor. Dala-dala nila ang iba't ibang pananaw, gawi at maling impluwensya ng kinalakhang bulok na kultura. Bagamat puspusan ang pagpapanibagong hubog sa loob ng NPA, hindi agad-agad na nabubunot ang lalim ng pagkabaon ng kolonyal, burges at pyudal na kultura, at mga tendensiya ng uring pinagmulan. Hindi rin pantay ang pag-unlad sa kamulatan at sa gayon pati ang pagtangan sa mga disiplina. Sa ganitong konteksto nagaganap ang ilang kaso ng pagsasamantala sa kababaihan.

Ang mga kaso ng paglabag sa disiplina sa loob ng PKP at BHB ay mabilis na sinusuri at nilalapatan ng karampatang hakbang sa larangang pang-ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang malubhang kaso ng paglabag ay ginagawaran ng aksyong pandisiplina.

Ang paggamit ng pwersa gaya ng reyp ay itinuturing na krimen. Sa Hukumang Bayan nililitis ang ganitong kaso. Ang sinumang kasapi na napatunayang nagkasala ay tinitiwalag sa organisasyon at pinaparusahan. Sa buong kasaysayan ng PKP at BHB sa Gitnang Luzon, isang kaso lang ang naganap at nahusgahan ng Hukumang Bayan.

Walang katotohanan ang alegasyon ni LDM. Hindi siya biktima ng panggagahasa sa loob ng Hukbo, at walang karahasan sa kababaihan na nagaganap sa panahong siya ay kasapi ng BHB.

### 2.) Maaari mo bang ilahad ang sirkumstansya ng paglabas ni LDM sa BHB-Caraballo para maunawaan ng ating mga ka-Bigwas kung paano siya napunta sa panig ngayon ng militar?

Noong 2018, pinagpasyahan ng Komite ng Partido sa Caraballo na ilabas si LDM para magpahinga at magpagamot. Hindi kaya ng kanyang pangkalusugang mental ang stress na dulot ng malawig, masinsin at masaklaw na kampanyang militar ng AFP sa panahong ito. At para matiyak na mabigyan ng kaukulang atensyon ang kanyang kalagayang pangkalusugan at seguridad ay personal na kinausap ng mga kasama ang kanyang kapamilya para sa mga tagubilin.

May mental health problem (MHP) o problemang pangkalusugan sa pag-iisip si LDM. Seryoso at matiyaga na inaral ng mga kasama ang kasaysayan ng kanyang pagkakasakit at mga sirkumstansyang kanyang kinapalooban bago naipirmi ang pagsusuri sa kanyang kalagayan.

Sa loob ng Hukbo na lamang mailalahad ni LDM na bago siya naging bahagi ng rebolusyonaryong kilusan ay biktima siya ng sekswal na pang-aabuso. May malalim na epekto sa kanyang personalidad ang karanasang ito.

Sa kabila ng mapait na karanasan, natagpuan niya sa loob ng Hukbo ang kapanatagan na napapangalagaan ang kanyang karapatan at kapakanan bilang babae at bilang tao. Nabuo niyang muli ang respeto sa sarili. Naging opisyal sa gawaing pampulitika at nanguna sa pagpapasigla ng gawaing pangkultura sa Platun . Dito na rin nila pinagpasyahang magpakasal ng kanyang kasintahan na nasawi sa labanan noong 2017 sa Carranglan.

Hindi namin alam kung paano siya nahawakan ng militar. Nakakaga na sa halip na siya ay ipagamot ay sinamantala at minamanipula ng AFP ang kalagayan ni LDM para siraan ang Hukbo at kilusan. Kasuklam-suklam ang ginagawa ng mga eksperto sa kampanyang saywar ng rehimeng US-Duterte sa paglulubid ng samu't saring kasinungalingan na dumudurog sa pagkatao at pagkababae ni LDM iba pang katulad niya.



### 3.) BIGWAS-KGL: Si LDM ay kilalang lider kabataan ng Anak Bayan-Gitnang Luzon bago siya sumampa sa BHB. Ginagamit ito ng AFP para bigyang katwiran ang panggigipit sa mga progresibong organisasyon na tumutuligsa sa rehimeng US-Duterte. Ano ang tindig ng BHB kaugnay nito?

Ang AB ay isa lamang sa mga progresibong organisasyon na nagtataguyod ng pambansa demokratikong adhikain ng mamamayan. Tinataguyod nila ang tunay na demokrasya at kasarinlan ng ating bayan laban sa kontrol ng mga dayuhan. Isinusulong nila ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Naiiba ang mga progresibong organisasyong ito sa CPP-NPA dahil kumikilos sila ng ligal at sa loob ng balangkas ng ligal at lehitimong mga proseso ng kasalukuyang naghaharing sistema. Malinaw at pormal na kinikilala ng mismong mga batas ng GRP ang kalayaan sa paniniwala at pamamahayag, pag-oorganisa at pagkilos upang magpahayag ng mga karaingan. Samantalang ang CPP-NPA ay kumikilos sa labas ng balangkas ng batas at naglalayong ibagsak ang naghaharing estado para magtayo ng demokratikong gubyernong bayan at diktadura ng uring proletaryado. Ngayon pa lang ay hakbang-hakbang na nitong itinatayo ang organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa iba't ibang antas.

**Ang mismong panunupil ng estado maging sa mga lehitimong karapatang kinikilala ng mismong mga batas nito ang isa mga kundisyong nagtutulak sa kanila na lumabas sa balangkas ng ligal na pakikibaka. Tinahak nila ang landas ng armadong pakikibaka para mapangalagaan ang kanilang kaligtasan at maipagpatuloy ang kanilang adhikain.**

Walang malinaw kung gayon na tuntungang ligal ang pagbabansag ni Duterte na "prenteng organisasyon" ng CPP-NPA ang mga progresibong organisasyon. Sa kabila nito ay marahas na sinusupil ang mga progresibong organisasyon, sinuman at anumang organisasyon na hindi sumasang-ayon sa kanyang pamamalakad sa gubyerno.

May mga dating kasapi ng mga progresibong organisasyon na sumapi sa CPP-NPA. May mga nanggaling din sa iba't ibang fraternity at sorority, taong simbahan, artista, abogado, doktor at marami pang iba. Maramihang naganap ang ganito noong ideklara sila ng diktadurang US-Marcos na ilegal at tinarget ng mararahas na panunupil.

Ang kasalukuyang panunupil ni Duterte sa mga progresibong organisasyon ay higit na nagpapatunay sa panawagan ng CPP-NPA na sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka makakamit ang pambansa demokratikong mithiin ng sambayanan. Inaalis ng pasisteng rehimen ni Duterte ang maaring daluyan ng pagtataguyod ng mga mithiing ito sa loob ng balangkas ng sistema. Tumpak na sabihin na ang mismong rehimeng US-Duterte ang nagtutulak aa kanila na lumahok sa armadong pakikibaka.

**4.) BIGWAS-KGL: Si LDM ay isa lamang sa milyon - milyong kababaihang Pilipino. Maaari mo bang isalarawan ang kalagayan ng kababaihang Pilipino sa lipunang malakolonyal-malapyudal?**

Lahat ng kababaihan, o pinili mang maging babae ay may tiyak na uring kinabibilangan. Mayorya ng kababaihang Pilipino ay kabilang sa uring api at pinagsasamantalahan - - mga babaeng magsasaka, manggagawa at petiburges.

Ang mga babaeng magsasaka ay biktima ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Inaagawan sila ng lupa at pinapalayas, binabarat ang produkto, pinagtutubuan ng malaki sa pautang, niloloko sa hatian ng ani at iba pang pagsasamantala ng panginoong maylupa. Kalahok sila sa mahirap, mabigat at atrsadong produksyon sa malawak na kanayunan ng bansa. Mababa ang sahod nila bilang manggagawang bukid. Marami sa kanila ay naninilbihan ng libre sa bahay ng panginoong maylupa, pambayad-utang o pamamadrino. Sila rin ang kadalasan ay natutulak na mandarayuhan ng trabaho sa kabayanan bilang tindera, katulong o alipin sa ibang bansa.

Ang kababaihang manggagawa naman ay biktima ng barat at hindi makatarungang pasahod, mahirap, mahigpit ,mapanganib at mapanupil na patakaran sa paggawa. Samantala, karaniwan nang hindi natutumbasan ng makatwirang sahod ang talino, talento, kasanayan at serbisyo ng kababaihang petiburges. Kailangan nilang mamuhunan ng magandang katawan, mukha, personalidad, para magka-trabaho.

Dagdag sa aping kalagayan ng kababaihan sa lipunang Pilipino ang dominasyon ng kulturang kolonyal, burges at pyudal. Sa pamamagitan ng masmidya at mga institusyong pagmamay-ari at kontrolado ng imperyalistang US, lokal na burgesya kumprador, mga panginoong maylupa, itinuturing ang kababaihan na kalakal, palamuti, mahina at taga-sunod lamang sa otoridad ng relihiyon, ng reaksyunaryong pulitika, ng pamilya at ng lalaki.

**Sa pamamagitan lamang ng aktibong paglahok sa pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalisto, mapalalaya ng kababaihan ang sarili sa pang-aapi at makakamit ang demokratikong karapatan nang walang pasubali sa kasarian o piniling kasarian. Sa paglahok sa demokratikong rebolusyong bayan, napapaunlad nila ang natatanging lakas at kakayahan para iambag sa pagbubuo ng sosyalistang lipunan hanggang sa ganap na pagpawi sa makauring pagsasamantala at diskriminasyon sa kababaihan.**

## 5.) BIGWAS-KGL: ANO ANG PROGRAMA NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (PKP) KAUGNAY SA PAGSUSULONG NG KARAPATAN AT KAGALINGAN NG KABABAIHAN?



Nagbibigay ng espesyal na atensyon ang PKP sa pag-oorganisa sa kababaihan at pagpapalawak ng kanilang partisipasyon sa pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa Programa ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon, ganito inilalahad ng PKP ang kaseryosohan nitong itaguyod ang interes ng kababaihan. " Isusulong ang pakikibaka ng kababaihan para sa pantay-na-karapatan at pantay-na-oportunidad laban sa sobinismo ng kalalakihan at pyudal na patriyarkal na mga gawi, institusyon at mekanismo. Titiyakin ang karapatan at kagalingan ng mga bata, gayundin ng mga matatanda at mga taong may kapansanan. Itataguyod ang karapatan ng mga lesbyana, bakla, bisexual at transgender na ilahad ang kanilang identidad at susuportahan ang kanilang pakikibaka laban sa lahat ng anyo ng diskriminasyon."

Isinasaad din sa Labing Dalawang Puntong Programa ng National Democratic Front ang pagsusulong ng rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan sa lahat ng larangan. Nasusuma ito sa sumusunod:

** Isang malakihang programa sa edukasyon para sa kababaihan at kalalakihan ang ilulunsad kaugnay ng rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan. Gagawa rin ng kongkretong mga hakbang para ituwid ang mga pang-aapi sa kababaihan sa iba't ibang aspeto ng buhay

** Aktibong tututulan ang mga palasak na lisyang pananaw at diskriminasyon sa kababaihan, kabilang na ang lahat ng anyo ng seksismo. Parurusahan ang pisikal at sekswal na karahasan at pagsasamantala sa kababaihan at sa mga bata.

** Itataguyod ang ganap na partisipasyon at demokratikong representasyon ng kababaihan sa gubyerno, mga organisasyong pang-ekonomya at mga institusyong panlipunan.

** Isusulong ng bagong gubyerno, sa mga garantiyang konstitusyonal at legal, ang mga positibong aksyon sa pagkilala at pangangalaga sa mga karapatan ng kababaihan sa lahat ng larangan ng gawain. Pawawalambisa ang lahat ng batas na umaalipusta sa kababaihan. Walang sinumang pagkakaitan ng karapatang magtrabaho, ng karapatan sa pantay na sahod sa gawaing magkapantay ang halaga, ng karapatang mag-ari, at ng pantay na karapatang pagkalooban ng serbisyo at pautang batay sa estado sibil o kasarian.

** Itataguyod ang demokratisasyon ng pamilya upang mapawi ang pyudal o awtokratikong kontrol sa asawang babae at mga anak, at mapalakas ang kanilang boses sa pagdedesisyon sa loob at labas ng tahanan, tungo sa pagpapasigla ng kanilang partisipasyon sa pagpapalaya sa kababaihan at sambayanan.

"" Bibigyan ng bagong gubyerno ng karampatang mekanismo ang makatarungang resolusyon sa mga sigalot ng mag-asawa, kabilang na ang karapatan sa diborsyo. Gagarantiyahan ang mga karapatan ng kababaihan sa kanilang katawan at kapasyahang mag-anak o hindi mag-anak. Magkakaroon din ng karapatan ang mga nagsosolong ina sa mga benepisyong tinatamasa ng mga may-asawa.

** Bibigyan ang kababaihan ng mga programa, suportang istruktura at mekanismo para lagutin ang kadena sa pagkabilanggo sa kanilang tahanan at pagkahiwalay sa lipunan. Susuportahan ang mga programa para sa abandonada at biktima ng pang-aabuso, ang pangangalaga sa kalusugan ng mga babae, ligtas na paraan ng kontrasepsyon, at pagpapaunlad sa kanilang mga kasanayan.

### 6.) BIGWAS-KGL: Paano napapangalagaan at natataguyod ang karapatan at kagalingan ng kababaihan sa loob ng BHB?

Puspusan ang pagsisikap ang rebolusyonaryong kilusan upang aktibo at maramihang mapalahok ang kababaihan sa armadong pakikibaka. Sa loob ng hukbong bayan, pinaiiral ang kolektibong pamumuno, paggawa at pamumuhay ng lahat ng mandirigma. Mulat na kinikilala at aktibong tinutunggali ang tendensiya ng uring pinagmulan ng bawat isa. Hinihikayat ang kanilang pagkukusa para paunlarin ang kakayahang pisikal at mental.

Kinikilala ang pantay na karapatan ng magkakaibang kasarian at ibinibigay ang paborableng kundisyon para tuloy-tuloy na mapaunlad ang kanilang kakayahan, talento at kasanayan para sa ibayong paglilingkod sa sambayanan.

Pinangangalagaan ang karapatan ng kababaihan laban sa karahasan at diskriminasyon sa kasarian. Mahigpit na pinatutupad ang mga tuntunin sa disiplina kaugnay sa ugnayan at kondukta ng magkakaibang kasarian; ligawan, pagkakasintahan at pagpapamilya. Naglulunsad ng pulong kababaihan, mga edukasyong pampulitika at pang-ideolohiya para tugunan ang iba't ibang usaping kinakaharap ng kababaihan.Nagsasagawa ng pagpuna-at-pagpuna sa sarili para sa tuloy-tuloy na pagbaka sa tunguhing burges-pyudal sa loob ng rebolusyonaryong kilusan at sa hanay mismo ng kababaihan.



**Sa katunayan, maraming kababaihan sa loob ng Hukbo ay mga opisyal pulitiko-militar, kumander, medik, guro, artista, manunulat at iba pang talento at kasanayan sa paglilingkod sa masa na dito sa loob ng BHB nila higit na napaunlad.**

### 7.) Ano ang mensaheng nais mong iparating kay LDM?




Biktima ng kabulukan ng lipunan si LDM. Ang kanyang mga kondukta ngayon ay resulta ng higit pang pambibiktima ng AFP. Makakaahon si LDM sa kanyang kinasadlakan kung maigigiit at titindigan niya ang kanyang karapatan at kumawala sa manipulasyon ng mga eksperto sa saywar ng AFP.

### 8.) Bilang pangsara, ano ang mensahe mo sa kababaihang Pilipino sa harap ng tumitinding pasistang atake ng rehimeng US-Duterte?

Tunay nga kinakatawan ni Duterte ang sistemang kontra-mamamayan sa pangkalahatan at kontra-kababaihan sa partikular. Sa kanyang mga pahayag walang pakundangan niyang inaalipusta ang kababaihan at ineenganyo ang mamamayan, lalo na ang AFP at PNP sa ganitong gawi. Si Duterte ang imahe ng kabuuan ng pang aapi at pagsasamantala sa kababaihan. Dapat kumilos ang kababaihan kasama ang buong sambayanan upang ibagsak ang pasistang rehimen ni Duterte.

Makakalaya at makakahulagpos ang kababaihan sa pang-aapi at pagsasamantala sa pamamagitan lamang ng pagwasak sa kasalukuyang lipunang malakolonyal-malapyudal at pagtatayo ng lipunang wala ang mga kundisyon para makairal ang anumang anyo ng pang aapi at pagsasamantala. Kailangang kumilos at lumahok ang kababaihan sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.



**Kababaihan, palayain ang kaisipan! Lumahok sa digmang bayan! Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan!**